PAPEL NG KATOTOHANAN

# Ang bakunang human papillomavirus (HPV)

## Mga pagbabago sa Pambansang Programa ng Imunisasyon (National Immunisation Program) ng 2023

**Mula sa ika-6 ng Pebrero 2023, ang iskedyul ng dosis sa bakunang human papillomavirus (HPV) ay magiging isang dosis, at ang kwalipikasyon sa catch-up (aabutin) na programa ay papalawakin hanggang makasali ang mga may 25 taong gulang sa ilalim ng Pambansang Programa ng Imunisasyon (National Immunisation Program (NIP)).**

### Mga mahahalagang bahagi tungkol sa pagbabago ng programa

- Ang bakunang HPV (Gardasil®9) ay pinondohan at kadalasang ibinibigay sa pamamagitan ng mga programa ng imunisasyon sa paaralan para sa mga kabataan na may edad na tinatantiyang 12 hanggang 13 taon. Ang aabuting pagbabakuna (catch-up vaccination) ay ibinibigay sa pamamagitang ng mga klinika ng imunisasyon sa mga paaralan o sa pamamagitan ng isang pangkalahatang doktor (GP), botika sa komunidad o mga pangunahing tagapagbigay ng pagka-alaga sa kalusugan.
- Magsimula sa ika-6 ng Pebrero 2023, ang nakagawiang dalawang dosis na iskedyul ng bakunang HPV na ibinibigay sa mga kabataang nasa edad 12–13 taon ay magiging isang naka-iskedyul na dosis sa kaparehong Gardasil®9 na bakuna.
- Ang patuloy na pinondohan ng NIP na ‘catch-up program’ para sa mga kabataan na nakaligtaan ang pagbabakuna sa HPV ay pinalawak din upang maisama ang mga nasa edad 25 taon (dinagdagan mula 19 na taong gulang).
- Ang mga kabataan (maliban sa mga immunocompromised) na mabibigyan ng isang dosis bago magkaedad ng 26 na taon ay maituturing na lubos na nabakunahan at hindi na kinakailangan ng karagdagang dosis. Ang Immunisation History Statement na nasa Australian Immunisation Register ay magpapakita kung ang isang tao ay napapanahon (up to date) pagkatapos nabigyan ng isang dosis.
- Ang pagbabago ay base sa payo ng Australian Technical Advisory Group on Immunisation (ATAGI) na siyang nag-aral sa pinakabagong internasyonal na siyentipiko at klinikal na katibayan.
- Ang mga pangkalusugang kagawaran sa mga Estado at Teritorya ay magpapahayag ng mga pagbabago sa mga magulang ng mga kabataan na kwalipikado sa pagbabakuna ng HPV sa paaralan sa 2023.

### Mga taong madaling nagkakasakit (immunocompromised)

- Walang pagbabago sa iskedyul ng dosis para sa mga taong immunocompromised. Dapat pa rin nilang matanggap ang rekomendadong tatlong dosis ng bakunang HPV na pinondohan lahat sa ilalim ng NIP noon maging 26 na taong gulang. Tingnan sa **Australian Immunisation Handbook** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabakuna ng HPV para sa mga taong immunocompromised.
- Dahil sa nakagawiang pag-iiskedyul ng mga programa ng imunisasyon sa paaralan, ang mga taong immunocompromised ay maaaring ikonsulta sa kanilang GP, pangunahing tagapagbigay ng pangka-alaga o nagbabakunang parmasya upang matiyak ang pagkakumpleto ng lahat sa tatlong dosis.

### Aabuting pagbabakuna

- Kung nakaligtaan ang pagbabakuna sa HPV, isang dosis na lamang ang kinakailangan bago magkaedad ng 26 taon upang maturing na lubos na nabakunahan (maliban lamang sa mga immunocompromised).
- Ang aabuting pagbabakuna ay dapat mangyari sa pinakamaaga, ngunit ang mga tao ay mananatiling kwalipikado para makahabol ng pagbabakuna hanggang sila ay may 26 taong gulang.
- Kung ang pagbabakuna ay ibinigay sa pamamagitan ng isang GP o ibang pangunahing tagapagbigay ng pagka-alaga, itong bakuna ay napondohan o may bayad sa pangangasiwa. Kausapin ang iyong tagapagbigay ng serbisyo para sa karagdagang impormasyon.

## Ang pagbabago ay nakabase sa pinakabagong katibayan

- Ang pagbabago ng programa ay base sa malaking bilang ng mga katibayan na lumabas ng mga nakaraang taon. Ang pangkat ng mga tagapayong eksperto ng Pamahalaan, ATAGI, ay nagrepaso sa internasyonal na katibayan at nagdesisyon na ang isang dosis ay nagbibigay ng kaparehas na proteksyon ng dalawang dosis. Inindorso ng Pharmaceutical Benefits Advisory Committee (PBAC) ang mga rekomendasyon ng ATAGI.
- Ang mga rekomendasyon ng ATAGI ay kaugnay sa nasa World Health Organization Strategic Advisory Group of Experts on Immunization (SAGE) at ang United Kingdom's Joint Committee on Vaccination and Immunisation (JCVI).
- Noong Abril 2022, ang **SAGE** ay nagtasa sa katibayan at nagdesisyon na ang isang dosis ng bakunang HPV ay nagbibigay ng kaparehas na proteksyon sa maramihang dosis na iskedyul para sa mga immunocompetent na tao[1]. Ang **JCVI ng UK** ay nagrekomenda noong Pebrero 2022 ng pagpupunta sa isang dosis na pagbabakuna para sa mga nakabase sa paaralang programa ng mga bago magbinata't-magdalaga, na inulit ang pagpapahayag noong Agosto 2022[2]. Inaakala nilang maitutupad itong iskedyul sa taon ng pag-eskwela 2023–2024.

## Ang pagbabakuna laban sa HPV ay mahalaga

- Ang HPV ay isang pangkaraniwang virus na kadalasang lumalaganap sa pamamagitan ng sekswal na kontakan. Ang impeksyon na HPV ay maaaring magiging sanhi ng mga kanser at ibang kondisyon na may mga malalang kahinatnan sa kalusugan ng mga tao sa lahat ng kasarian.
- Ang mga benepisyo ng mga bakuna laban sa HPV ay pinakamabisa kung maibigay bago malantad sa virus ang tao. Ito ang dahilan sa pagbabakuna sa mga kabataan sa mataas na paaralan bago sila malantad sa seks.
- Ang mga bakuna ng HPV ay mahalaga sa pagkakawala ng kanser ng matris. Halos lahat ng mga kanser ng matris ay may kaugnayan ng impeksyon sa HPV. Ang pagbabakuna ay nakakaprotekta din laban sa mga kulugo sa ari at mga kanser sa ari, puwit at likuran ng lalamunan.
- Karagdagan, ang pagbabakuna ay nakakatulong sa pagkakawala ng mga kanser sa matris at iba pa sa Australya sa pamamagitan ng pagprebenta sa pagkakahawa ng HPV sa mga magiging kapartner sa seks.
- Ang pagbabakuna laban sa HPV ay hindi pinondohan para sa mga taong may edad na 26 taon at mahigit dahil ang impeksyong HPV ay karaniwang nangyayari kaagad habang gumagawa ng mga aktibidad na sekswal. Ang kabisa ng bakuna ay hihina kapag nagkaroon na ng impeksyon.
- Ang ilang tao na may edad na 26 taon at mahigit ay maaaring magkabenepisyo mula sa pagkakabakuna at dapat makipag-usap sa nagbabakuna upang mapayuan tungkol sa kanilang mga personal na katayuan. Kung ang pagbabakuna ay magsimula sa 26 taong gulang, tatlong dosis ay inirerekomenda. Ang mga bakuna ay dapat bilhin sa pamamagitan ng reseta para sa mga taong may edad na 26 taon at mahigit, at ang bayad ay maaaring magkakaiba. Tingnan ang **Australian Immunisation Handbook** par sa impormasyon tungkol sa pagbabakuna laban sa HPV para sa mga taong may edad na 26 taon at mahigit.
- Ang pagbabakuna laban sa HPV ay hindi nakakaprotekta sa lahat ng mga uri ng HPV na maaaring maging sanhi ng kanser sa matris. Inirerekomenda ang mga pagpapasuri tungkol sa matris sa mga babae at mga taong may cervix bawat 5 taon para sa mga taong nasa pagitan ng 25–74 taong gulang.

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

- ✓ Tingnan ang **Australian Immunisation Handbook** na nabago upang magbigay ng mga pinakahuling klinikal na pagpapayo at rekomendasyon tungkol sa mga pagbabakuna laban sa HPV.
- ✓ Bisitahin ang **pahina ng pagbabakuna laban sa HPV** sa website ng Department of Health and Aged Care.
- ✓ Kontakin ang kagawaran ng kalusugan sa iyong estado o teritoryo para sa karagdagang impormasyon.

1 Ang World Health Organization Strategic Advisory Group of Experts on Immunization. Ang pagpupulong ng Strategic Advisory Group of Experts on Immunization. Ang bakunang Onedose Human Papillomavirus (HPV) ay nagbibigay ng matibay na proteksyon laban sa kanser sa matris. Lingguhang Epidemiological Record noong Abril 2022.

2 Pinagsamang Komite tungkol sa Pagbabakuna at Imunisasyon. Pahayag ng JCVI tungkol sa iskedyul ng isang dosis para sa nakagawiang programa ng imunisasyon sa HPV (inilathala noong ika-5 ng Agosto 2022).

Australian Government
Department of Health and Aged Care

National Immunisation Program
A joint Australian, State and Territory Government Initiative